

# Ang bakuna sa COVID-19: limang bagay na kailangan mong malaman

Nagpapatuloy na ang pamimigay ng bakuna sa Ontario. Pwede mong protektahan ang iyong sarili, iyong mga mahal sa buhay, at ang inyong komunidad sa pamamagitan ng pagpapabakuna. Narito ang ilang impormasyon tungkol sa mga bakuna sa COVID-19.

- 1 Walang mga hakbang na nilaktawan sa paggawa ng mga bakunang ito.** Kahit na ang mga bakuna sa COVID-19 ay mabilis na ipinapagamit, ginawa ang mga ito gamit ang pananaliksik at teknolohiya sa mRNA na ginamit ng mga siyentista mula sa unang bahagi ng 1990s. Mahusay ang pagkakagawa sa pananaliksik at mabisang nagamit ang teknolohiya at napatunayang ligtas at mapagkakatiwalaan.
- 2 Ang mga bakuna sa COVID-19 ay hindi magbibigay sa iyo ng COVID-19.** Hindi katulad ng ibang mga bakuna, ang mga bakuna sa COVID-19 ay hindi naglalaman ng virus mismo. Sa halip, ang mga uring ito ng bakuna ay nagtuturo sa ating mga selyula kung paano gumawa ng protina na magpapa-trigger sa immune response at lilikha ng mga antibody.
- 3 Ang mga bakuna ay narebyu at naaprubahan ng Health Canada.** Upang magamit sa Canada, ang lahat ng gamot, kabilang ang mga bakuna, ay kailangang makakatugon sa mga panregulatoryong rekisito para sa kaligtasan, pagiging mabisa at kalidad. Karaniwang nangangailangan ng mahabang panahon ang prosesong ito dahil ang mga bagong gamot at mga bakuna ay nadadagdag sa ilalim ng talaan, at kailangang maghintay ng kanilang turno para masuri. Gayunpaman, ang mga bakuna ay napakahalaga na napupunta kaagad ang mga ito sa harap ng pila, na nagpapahintulot sa proseso na maging labis na mabilis kaysa karaniwan.
- 4 Ang dalawang dosis ay nagbibigay ng mas malakas na immunity.** Mahalagang tumanggap ng dalawang dosis ng bakuna para makumpleto ang serye ng bakuna. Ang proteksyong ibinibigay ng unang dosis ay nakakatulong sa iyong katawan na bumuo ng immunity at ang ikalawang dosis ay nagdadagdag sa iyong immunity. Halimbawa, ang mga bakuna ng Pfizer-BioNTech at Moderna ay 94-95% mabisa matapos ang dalawang dosis.

**5**

**Kapag ang malaking porsyento ng populasyon ay nagiging immune sa COVID-19, babagal o hihinto ang pagkalat ng virus.** Pwede mong protektahan ang iyong sarili, mga mahal sa buhay at ang inyong komunidad sa pamamagitan ng pagtanggap sa bakuna sa COVID-19.